


3

Arts

Ikaapat na Markahan – Modyul 6:
Paggawa ng Maskara



Music – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Paggawa ng Maskara
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Rose Marie P. Redondo	
Editor:	Marivic O. Arro , Lynne B. Baptista, Neal Keith Gonzales, Reynaldo Deocampo, Arcel Gacasan	
Tagasuri:	Marciano G. Canillas, Ame Grace I. Pamongcales, Edgardo Pamugas III	
Tagaguhit:	Loureven John L. Drillon	
Tagalapat:	Mariel D. Lumontad, Virgilio A. Pobadora, Djhoane C. Aguilar	
Tagapamahala:	Evelyn R. Fetalvero	Reynante A. Solitario
	Janette G. Veloso	Janwario E. Yamota
	Analiza C. Almazan	Djhoane C. Aguilar
	Ma. Cielo D. Estrada	Maria Perpetua Angelita G. Suelto
	Jeselyn B. dela Cuesta	Reynaldo C. Deocampo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

Arts

Ikaapat na Markahan – Modyul 6:
Paggawa ng Maskara

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Arts sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Paggawa ng Maskara!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Arts sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) modyul ukol sa **Paggawa ng Maskara!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin

Ang modyul na ito ay nilikha at isinulat para sa iyo. Dito malalaman mo ang mga bagay tungkol sa iba't-ibang pagdiriwang o **festival**. Bawat probinsya o rehiyon ay may iba't-ibang kultura na ipinakita sa pamamagitan ng pagdiriwang ng festival na nagpapahiwatig ng kanilang damdamin. Ginagamit ang iba't-ibang disenyo, hugis, porma at kulay bilang palamuti sa paggawa ng maskara. Ang maskara na ito ay yari sa

Pagkatapos mong gawin ang mga hakbang na nakasaad sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. nakapagdidisenyo ng sariling maskara gamit ang mga recyclable materials;
2. nakagagawa ng maskara batay sa mga pista gamit ang mga recycled at natural na mga bagay na naayon sa mga festival;
3. nabibigyang halaga ang mga patapong bagay;
4. nakakikilala ng iba't-ibang uri ng mga natatanging bagay kagaya ng recycled materials na maaaring gawing disenyo ng maskara.



Subukin

Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod ang gamit sa paggawa ng maskara
 - a. lumang **folder**
 - b. salamin
 - c. tubig
 - d. kahoy

2. Ano ang ginagamit ng mga partisipante sa **Masskara Festival**?
- a. maskara
 - b. **headdress**
 - c. hairpin
 - d. maskot
3. Ang Mascara Festival ay kilala rin sa tawag na:
- a. **Festival of Smiles**
 - b. Binulig Festival
 - c. **Pinagbenga Festival**
 - d. Sinulog Festival
4. Anong uri ng damdamin ang ipinahiwatig ng Mascara Festival?
- a. kalungkutan
 - b. kasiyahan
 - c. kasaganaan
 - d. Kapaskuhan
5. Sa paggawa ng maskara dapat mong isaisip na:
- a. maging malikhain
 - b. maging masunurin
 - c. maging mabait
 - d. maging tamad

Aralin

1

Paggawa ng Maskara



Balikan

Naalala mo pa ba ang iyong ginawa noong nakaraang araw? Naintindihan mo ba kung paano gawin ang papet?

Pag-aralan ang sumusunod na mga pahayag. Isulat sa sagutang papel ang **tama** o **mali**.

- _____ 1. Ang medyas ay maaring gawing papet.
- _____ 2. Nakapagbibigay aliw sa mga manonood ang paggamit ng papet sa mga palabas.
- _____ 3. Ang lumang gamit kagaya ng medyas ay maaring gawing papet.
- _____ 4. **Puppeteer** ang tawag sa taong nagmamanipula ng isang papet.
- _____ 5. Ang guro lamang ang maaring lumikha ng papet.




Tuklasin

Nakakita na ba kayo ng maskara? Anong uri ng maskara ito? Ang maskara ay ginagamit sa ibat-ibang uri ng pagdiriwang


o festival ng isang rehiyon. Sa Negros Occidental naganap ang unang Masskara Festival noong 1980.

Paggawa ng Maskara

1. Kumuha ng lumang cardboard/folder kasinlaki ng iyong mukha.



2. Iguhit sa cardboard o folder ang hugis ng maskara na nais mong gawin. Gupitin ang iginuhit na hugis gamit ang gunting.





Babala!

Mag-ingat sa paggamit ng gunting at matutulis na bagay upang maiwasan ang anumang disgrasya. Huwag mahiyang humingi ng tulong sa iyong mga magulang o nakatatandang kapatid kung may pag-aalinlangan sa nakatakdang gawain.


3. Itapat sa iyong mukha ang ginupit na hugis at markahan ang lokasyon ng iyong mata, ilong at bibig gamit ang lapis.




4. Lagyan ng butas ang mga minarkahan bahagi ng mukha gamit ang gunting.



5. Iguhit ang kilay upang mas mapaganda ang mata, ilong, at bahagi ng bibig gamit ang iyong krayon.




6. Maari mo ring gawing matangos ang iyong ilong sa pamamagitan ng paggupit ng **2x2 inches** cardboard o folder. Idikit ito sa bandang bahagi ng ilong.




7. Dagdagan ng mga hugis at iba't-ibang kulay upang mas lalong maging kaakit-akit ang iyong maskara.



8. Kulayan ang iyong maskara gamit ang **watercolor** o pintura.



9. Lagyan ng maliliit na butas para sa **rubber bands** malapit sa tainga.



10. Isuot ang iyong maskara at ipakita sa iyong guro.



Lagyan ng tsek ang hanay na nagpapahayag ng iyong damdamin sa paggawa ng sariling maskara.

Mga kasanayan sa paggawa ng maskara	Oo	Hindi
1. Pagpapamalas ng kahandaan sa pagkatuto ng bagong kaalaman sa paggawa ng maskara.		
2. Paggamit ng mga recyclable materials na makikita sa paligid o rehiyon.		
3. Aktibong nakasunod o nakagawa sa mga panutong ibinigay ng guro.		
4. Nakagawa ng maskara base sa pagsunod ng mga panutong nalalaman mula sa nababasa.		
5. Ibayong pag-iingat sa paggamit ng gunting o anumang matutulis na bagay habang isinagawa ang maskara.		



Suriin

Masdan ang larawan na nasa ibabaa. Ito ay nagpapakita ng pagdiriwang ng isang festival kung saan makikita ang pagsusuot ng maskara gamit ang mga recyclable na mga bagay gaya ng cardboard, **paper plates**, lumang folders, **string**, **yarn**, **straws**, lumang tela o damit, **empty bottles** ng mga **softdrinks** at **mineral water**. Ang mga bagay na ito ay maari ring gamitin sa paggawa ng maskara. Ito ay karaniwang makikita o ginagamit sa pagdiriwang iba't – ibang festival sa mga probinsya o rehiyon.



Ngayon, subukan mong gumawa ng iyong sariling maskara na maaring gamitin sa pagdiriwang ng festival. Sundin lamang ang mga sumusunod na panuto.

1. Ano ang maari mong idagdag sa larawang ito upang mabuo ang iyong maskara?



- a. mga ginupit na bote ng mineral water
 - b. tubig
 - c. salamin
 - d. bote
2. Alin ang ginagamit sa paghulma ng maskara sa larawang nakikita sa itaas?
- a. lumang folder
 - b. bulak
 - c. bulaklak
 - d. papel
3. Bakit kailangan dagdagan ng kulay ang iyong maskara?
- a. upang makatipid sa gastos
 - b. maging sikat sa lugar
 - c. upang lalong pagandahin ang maskara
 - d. upang maging matibay ito

4. Sa larawang ito, alin ang ginamit sa pagdidisenyo ng maskara?




- a. mga ginupit na iba't-ibang hugis gamit ang lumang magazine
- b. mga retasong tela
- c. mga balahibo ng manok
- d. mga bato

5. Paano mo ilalarawan ang damdamin ng mga taong nagsosuwot ng maskarang ito?



- a. nalulumbay
- b. masaya
- c. nagulat
- d. nalungkot



Pagyamanin

Sagutin ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot gamit ang iyong krayon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

2. Anong bagay ang maaring gamitin sa paggawa ng maskara?
 - a. lumang folder
 - b. lapis
 - c. **galvanized iron**
 - d. tubig
3. Alin ang unang hakbang sa paggawa ng maskara?
 - a. pagbutas sa mga bahagi ng mata, ilong at bibig
 - b. paggupit ng cardboard/folder
 - c. paglagay ng lastiko sa mga butas sa bandang tainga
 - d. pagdikit ng iba't ibang mga disenyo
4. Paano mo madadagdagan ang **texture** ng iyong mascara.
 - a. gumupit ng mga hugis
 - b. dagdagan ang linya at kulay
 - c. paglagay ng butas sa maskara
 - d. paglagay ng tali
5. Bakit ipinagdiwang ang Maskarra Festival sa Bacolod?
 - a. itoy naghihikayat ng mga turista
 - b. para mabenta ang kanilang maskara
 - c. itoy nagpapakita ng pagkamasayahin ng mga Negrenses
 - d. para magdiwang ng kaarawan
6. Kung ikaw ang magdidisenyo ng maskara para sa festival alin ang iyong pipiliin?
 - a. Maskarang nakangiti
 - b. Maskarang nakasimangot
 - c. Maskarang malungkot
 - d. Maskarang umiiyak



Isaisip

Ang paggawa ng maskara ay nakapagbibigay saya. Ikaw ay maaring makagawa ng masining at kaakit-akit na maskara gamit ang ibat-ibang hugis, kulay at textures. Ito ay maaring gawa sa papel, cardboard, paperplates, lumang folders. Ang tali, yarn, straws, at iba pang makukulay na bagay ay maaring gamiting dekorasyon sa paggawa ng maskara.

Sa paggawa ng maskara dapat ring isipin na kailangan ang ibayong pag-iingat upang maiwasan ang anumang disgrasya lalo na sa paggamit ng matutulis na bagay. Kung gagamit ng pintura, siguraduhing malayo sa apoy. Hwag kalimutang humingi ng tulong sa mga nakatatanda kung sakaling may pag-aalinlangan.



Isagawa

Iguhit ang maskara na iyong nagawa sa loob ng kahon.



Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Anong kulay ang ginamit mo sa paggawa ng maskara?
2. Anong mga recyclable materials ang iyong ginamit?
3. Ano ang mga bagay na dapat mong isa-isip sa paggawa ng maskara? Bakit?
4. Dapat mo bang ituro sa iyong mga kaibigan ang paggawa ng maskara? Bakit?
5. Ano ang natutunan mo sa mga festivals?

Gamitin mo ang rubrik na ito upang bigyang marka ang iyong iginuhit na disenyo ng maskara.

Mga bagay ng natutunan sa paggawa ng sariling maskara.	Oo	Hindi
1. Pagkilala ng mga recyclable materials at kahalagahan nito		
2. Importansya ng mga pagdiriwang ng festival		
3. Paggamit ng makukulay na bagay sa pagdedesinyo ng sariling maskara		
4. Pagbabahagi ng kasanayan sa mga kaibigan		
5. Pagiging malikhain sa pagdedesinyo ng sariling maskara		




1. Alin sa mga sumusunod ang gamit sa paggawa ng maskara.
 - a. lumang folder
 - b. kahoy
 - c. tela
 - d. tubig
2. Alin ang nauunang hakbang sa paggawa ng maskara?
 - a. Butasan ang bahaging mata, ilong at bibig.
 - b. Gumupit ng cardboard ayon sa gusto mong porma.
 - c. Lagyan ng rubber band ang bahaging tainga.
 - d. Dikitan ng iba't ibang disenyo ang maskara.
3. Paano mo maipakita ang pagpapahalaga sa mga festival?
 - a. Makilahok sa festival
 - b. Gumawa ng maskara
 - c. a at b
 - d. Wala sa a o b
4. Kailan ginagamit ang maskara?
 - a. Tuwing kaarawan
 - b. May kasal
 - c. May festival
 - d. Tuwing lamay
5. Alin sa mga sumusunod ang isa sa mga kagamitan para lalong pagandahin ang headdress ?
 - a. krayon
 - b. ardboard
 - c. kahoy
 - d. pandikit



Karagdagang Gawain

Ngayong natuklasan mo kung paano gawin ang maskara, oras na upang bumuo ng sariling maskara na maaring gawing proteksiyon lalo na sa panahon natin ngayon. Gamit ang lumang tela gumawa ng maskara kagaya ng nasa larawan sa ibaba.



Pamantayan sa paggawa ng maskarang **facemask**.

1. Naihanda ang kumpletong kagamitan sa paggawa	Oo	Hindi
2. Nasusunod ang mga tuntunin sa paggawa		
3. Ibayong pag iingat sa paggamit ng matutulis na bagay sa paggawa ng maskara		
4. Naging masigla sa pagpapahayag ng ideya sa pagdesinyo ng facemask.		
5. Nakagawa ng facemask na naayong gamitin sa sitwasyon.		
6. Natatapos ang gawain sa takdang oras.		



Susi sa Pagwawasto

Subukin 1. A 2. A 3. A 4. C 5. A	Pagymamanin 1. A 2. B 3. C 4. C 5. B	Tayahin 1. A 2. A 3. C 4. C 5. A
---	---	---

Sanggunian

Music, Art, Physical Education and Health Kagamitan ng Mag-aaral Pahina 204-206

Teachers guide in Music, Art, Physical and Health for Grade III
Pahina 207-208

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph